BRAMPTON

Media Release

PARA SA AGARANG PAGLABAS

# Handa na ang Lungsod ng Brampton na linisin ang daan sa winter na ito

BRAMPTON, ON (Nobyembre 15, 2021) – Dumating na ang panahon ng taglamig (winter) at handa na ang mga crew ng Brampton! Ang ating team ay walang tigil na nagtatrabaho para matiyak na handa tayo na linisin ang mga daan, bangketa, mga hintuan ng transit at mga tawiran ng paaralan na pag-aari ng Lungsod, kaya makakapunta ang mga residente sa kung saan sia pupunta nang ligtas.

Pinapaalalahanan ng Lungsod ang mga residente na ang pagiging handa sa taglamig ay pagsisikap ng team at sa tulong ng lahat, ang season na ito ay magiging ligtas para sa lahat:

- Sa sitwasyon ng emergency, maging handa sa pangangalaga sa iyong sarili at iyong pamilya nang di bababa sa 72 oras. Maghanda nang 72-oras na safety kit para sa iyong bahay at sasakyan .
- Linisin ang mga bangketa na may yelo, niyebe, at kayurin kaagad matapos ang pag-ulan ng niyebe;
- Hindi pinapayagan ang pagparada sa mga kalye at ipapatupad sa panahon ng mga event sa klima sa taglamig. Pakilipat ang mga sasakyan para matiyak na makakadaan ang mga plow, salter at pang-emergency na mga sasakyan;
- Kung lampas na sa 24 oras mula nang matapos ang pag-ulan ng niyebe, at nangangailangan ng pansin ang inyong kalye, ipaalam sa Lungsod sa pamamagitan ng pagtawag sa 311, pagsumite ng isang hiling para sa serbisyo sa 311 mobile app, pag-email sa 311@brampton.ca, o pagbisita sa www.311brampton.ca;
- Available ang tulong pinansyal sa pagtanggal ng niyebe sa kwalipikadong mga senior at mga may-ari ng bahay na may pisikal na kapansanan. Alamin ang mas marami pa sa: ow.ly/D2R050xgPq2.

**Plow Tracker ng Lungsod**

Noong 2019, inaprubahan ng Konseho ng Lungsod ng Brampton ang pagdagdag ng antas ng serbisyo sa mga lokal na daan mula 7.5 cm na accumulation hanggang 5.0 cm, na nangangahulugang ang mga crew ay mas mabilis na dini-dispatch sa panahon ng event sa panahon ng taglamig.

Makikita ng mga residente kung ano ang nalinis na mga daan at bangketa ng mga crew gamit ang Plow Tracker ng Lungsod sa www.brampton.ca/snow at sa 311 mobile app! Ang app na ito ay pwedeng i-download mula sa Google Play o sa App Store. Gamit ang tool na ito, maaaring matingnan ng mga residente ang progreso ng pagmintina sa niyebe, mga prayoridad sa daan, at kung ang plow ay malapit sa kanila para mailipat nila ang kanilang mga sasakyan palabas ng daan. Maaari ring isumite ang mga hiling para sa serbisyo.

Para sa karagdagang impormasyon sa mga operation sa taglamig ng Lungsod, bisitahin ang www.brampton.ca/snow.

**Mga Quote**

“Ang kaligtasan ng ating mga residente ay ang ating numero unong prayoridad – kaya ang ating mga crew ay walang tigil na nagtatrabaho para matiyak na handa tayo kapag dumating ang taglamig. Tayong lahat ay may papel na gagampanan sa paggawang ligtas at kasaya-saya ng season na ito. Mangyaring tanggalin sa mga bangketa ang yelo, niyebe at kayurin kaagad, huwag ilagay sa daanan ng inyong mga sasakyan sa panahon ng mga event sa panahon ng taglamig at i-download ang aming 311 mobile app para makontak kami kung nangangailangan kayo ng suporta!”

*- Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Isa sa pinakamalaking operation sa Lungsod ng Brampton ay pagtugon sa mga kondisyon sa winter o taglamig. Committed kami na gawing ligtas at enjoyable para sa ating mga residente ang season, at pinanatili ang 4,053 lane na kilometro ng mga daan, 1,007 kilometro ng mga bangketa/walkway at 211 panlibangang mga trail taon-taon. Kapag ginagawa ng bawat isa ang kanilang parte na gawing handa sa taglamig ang ating komunidad, ligtas tayong makakapunta sa kung saan natin kailangang pumunta.”

*- Paul Vicente, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Chair, Public Works and Engineering, Lungsod ng Brampton*

“Dumating na ang panahon ng taglamig sa Brampton, at handa ang Lungsod. Hinihikayat namin ang mga residente na i-download ang ating 311 mobile app, sundan ang lahat ng social media account ng Lungsod ng Brampton para sa ating #BramSnowUpdate at gawin ang kanilang parte na gawing handa sa taglamig ang ating komunidad. Magkasama, mapapanatili nating ligtas at accessible ang ating lungsod para sa season na ito."

*- Pat Fortini, Rehiyonal na Konsehal, Wards 7 at 8, Vice Chair, Public Works and Engineering, Lungsod ng Brampton*

“Bilang isang Lungsod na Mabuti ang Pagpapatakbo, dedicated tayo na tuloy-tuloy na pahusayin ang araw-araw na mga operation at paghahatid ng mga serbisyo para sa ating mga residente. Maaaring i-download ng mga residente ang 311 mobile app, kabilang ang Plow Tracker, para manatiling naabisuhan sa estado ng lokal na operation sa niyebe sa season na ito, para maplano nila ang mga biyahe sa panahon ng mga event sa niyebe (snow) sa isang ligtas na paraan.”

*- David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa Twitter, Facebook, at Instagram. Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

**KONTAK NG MEDIA**

BRAMPTON

## Media Release

Monika Duggal
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca